

ANO ANG PINOPONDOHAN NG MGA SINGIL SA ALKANTARILYA?

Nagbibigay ang Distrito ng mga serbisyo para sa pagkolekta, paggamot, at pagtatapon ng maruming tubig sa mga lungsod ng Fairfield at Suisun. Pinamamahalaan ng Distrito ang isang planta ng paggamot ng maruming tubig na nagpoproseso ng humigit-kumulang 15 milyong galon bawat araw; 14 na istasyon ng bomba ng maruming tubig; at 70 milya ng mga tubo ng alkantariya at iba pang kaugnay na pasilidad.

Nagpapatupad ang Distrito ng limang-taong iskedyul ng singil, na taun-taon ay inaayos ang mga singil sa alkantariya upang maipakita ang epekto ng mga pagbabago sa gastos ng pagbibigay ng serbisyo. Ang huling limang-taong iskedyul na ito ay pinagtibay noong 2022.

Bilang resulta ng pag-aaral sa gastos ng serbisyo at singil noong 2025 na isinagawa ng isang independiyenteng konsultant, nagmumungkahi ang Distrito ng bagong limang-taong iskedyul ng singil upang patuloy na masuportahan ang mga kasalukuyang operasyon, ang tumataas na mga kinakailangan sa regulasyon, at ang mga pangangailangang kapital para sa mahahalagang imprastraktura.

MGA BAGONG IMINUMUNGKAHING BAYAD SA ALKANTARILYA

Ang mga iminungkahing bagong singil sa alkantariya ay binubuo sa pamamagitan ng isang proseso ng pag-aaral ng proseso. Ginamit ng pag-aaral sa singil ang 10-taong plano sa pananalapi ng Distrito at sinuri ang gastos ng serbisyo upang matukoy ang mga kinakailangang kita. Ang mga kinakailangang kita ay ibinabahagi sa pagitan ng iba't ibang uri ng kostumer batay sa kanilang mga epekto sa sistema.

Inirerekomenda ng pag-aaral sa singil ang pangkalahatang pagtaas ng kita sa singil at mga pag-update sa gastos ng serbisyo. Ang iminungkahing limang-taong iskedyul ng singil na isinaalang-alang ng Distrito para sa pagpapatibay ay ipinapakita sa Talahanayan 1. Tandaan na ang mga inirerekomendang singil para sa Hulyo 1, 2026 ay papalit sa mga dating pinagtibay na singil para sa parehong petsa.

Magagamit ang karagdagang impormasyon tungkol sa iminungkahing iskedyul ng singil sa Pag-aaral sa Singil sa Alkantariya at Bayad sa Kapasidad ng taong 2025, na inihanda ng Hildebrand Consulting, LLC, na may petsang Nobyembre 19, 2025 (Pag-aaral sa singil ng Alkantariya ng taong 2025). Ang ulat ay makukuha online sa www.FairfieldSuisunSewer.ca.gov



FAIRFIELD-SUISUN SEWER DISTRICT
1010 CHADBOURNE ROAD, FAIRFIELD, CA 94534

MAHALAGANG IMPORMASYON
TUNGKOL SA MGA IMINUMUNGKAHING
PAGBABAGO SA MGA SINGIL NG
MARUMING TUBIG

Kung nais mo ang abisong ito sa ibang wika mangyaring bisitahin ang www.FairfieldSuisunSewer.ca.gov o tumawag sa 707-429-8930.

Información importante sobre los cambios propuestos para las tarifas de aguas residuales. Sidesea recibir este aviso en otro idioma, visite www.FairfieldSuisunSewer.ca.gov o llame al 707-429-8930.

Mahalagang impormasyon tungkol sa mga pagbabagong iminungkahi sa halaga ng natapon na tubig. Kung gusto mong makatanggap nitong abiso sa ibang wika, mangyaring bisitahin ang www.FairfieldSuisunSewer.ca.gov o tumawag sa 707-42-8930.



ABISO NG PAMPUBLIKONG PAGDINIG
TUNGKOL SA MGA IMINUMUNGKAHING
PAGTAAS NG MGA SINGIL SA ALKANTARILYA

Lunes, Abril 27, 2026 | 6:00 p.m.
o sa lalong madaling panahon matapos matalakay ang usapin sa adyenda

SAAN: District Board Room
1010 Chadbourne Rd, Fairfield, CA 94534

IPINAPAALAM SA PAMAMAGITAN NITO na isinasaalang-alang ng Distrito ng Alkantariya ng Fairfield-Suisun ang pagpapatibay ng isang bagong limang-taong iskedyul ng mga singil sa alkantariya alinsunod sa Artikulo XIII.D, Seksyon 6 ng Konstitusyon ng California (kilala rin bilang Proposisyon 218). Sa pampublikong pagdinig, tatanggapin ng Lupon ng mga Direktor ang pasalita at nakasulat na testimonya, pati na rin ang nakasulat na mga protesta, tungkol sa mga singil sa alkantariya.



BAKIT KO NATANGGAP ANG ABISO NA ITO?

Natatanggap mo ang abisong ito dahil ayon sa aming mga talaan, nakalista ka bilang may-ari ng account at/o bilang may-ari ng isang parsela na tumatanggap ng serbisyo ng alkantariya mula sa Distrito Alkantariya ng Fairfield-Suisun (Distrito). Ang layunin ng abisong ito ay bigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga iminungkahing bagong singil sa alkantariya at kung paano ka makakalahok sa proseso ng pagtatakda ng singil.

MGA TANONG?

Para sa karagdagang impormasyon o para magtanong, mangyaring tumawag sa (707) 429-8930 Lunes hanggang Huwebes mula 8:00 AM hanggang 5:00 PM o bumisita www.FairfieldSuisunSewer.ca.gov

IMINUNGKAHING ISKEDYUL NG MGA SINGIL SA LOOB NG 5 TAON

Tarifas propuestas				
Fecha de entrada en vigor:	1 de julio de 2026	1 de julio de 2027	1 de julio de 2028	1 de julio de 2030
Residencial (mensual) ¹	54.91 dólares	60.40 dólares	66.44 dólares	73.08 dólares
Comercial				78.20 por unidad de vivienda dólares
Cargo mensual de la cuenta	17.13 dólares	18.84 dólares	20.72 dólares	24.39 por cuenta por mes. dólares
Fuerza regular volumétrica ²	4.56 dólares	5.02 dólares	5.52 dólares	6.07 dólares
g				6.49 dólares por HCF
Volumétrico de alta resistencia ³	7.81 dólares	8.59 dólares	9.45 dólares	11.13 dólares
Caso por caso ⁴				por HCF
Cargo mensual de la cuenta	17.13 dólares	18.84 dólares	20.72 dólares	24.39 por cuenta por mes. dólares
g	3823.53 dólares	4205.88 dólares	4626.47 dólares	5089.12 dólares
Volumétrico (conexión directa) ⁵				5445.36 dólares por MG
g	5601.60 dólares	6161.76 dólares	6777.94 dólares	7455.73 dólares
Volumétrico (mediante recolección local)				7977.63 dólares por MG
g	605.32 dólares	665.85 dólares	732.44 dólares	862.08 por cada 1000 dólares
DBO (en peso)				libras
g	324.73 dólares	357.20 dólares	392.92 dólares	462.46 por cada 1000 dólares
TSS (por peso)				libras
Base de la Fuerza Aérea Travis (volumétrica)	3.67 dólares	4.04 dólares	4.44 dólares	5.22 dólares

¹ Viviendas unifamiliares, viviendas multifamiliares, parques de caravanas y parques de casas móviles.

² Oficinas, comercios minoristas, tiendas, hoteles, escuelas, iglesias, hospitales, residencias de ancianos, lavanderías, tintorerías, establecimientos, bares sin servicio de comidas, lavaderos de coches sin instalaciones de limpieza a vapor, otros clientes comerciales o industriales no tratados con alta resistencia o según cada caso.

³ Lavanderías comerciales, restaurantes y bares con instalaciones para comer, estaciones de servicio con instalaciones para vaciar tanques de almacenamiento, lavaderos de coches con instalaciones de limpieza a vapor, panaderías y procesamiento de alimentos, otros clientes comerciales o industriales con concentraciones superiores a 200 miligramos por litro de DBO o 265 miligramos por litro de TSS, pero inferiores a las concentraciones especificadas para cada caso concreto.

⁴ Todos los clientes comerciales o industriales, excepto aquellos especificados como regulares o de alta potencia con caudales superiores a 0,005 MGD, o con concentraciones superiores a 65 mg/l de DBO o 1000 mg/l de TSS; todos los clientes intermitentes; y cualquier cliente comercial o industrial que solicite y pague el coste total de la medición y las pruebas.

⁵ Para clientes que vierten aguas residuales directamente a tuberías del sistema de recogida de 12 pulgadas o más.

IPADALA ANG MGA PAGTUTOL AT PROTESTA SA:

Direktor ng Mga Serbisyong Administratibo
Distrito ng Alkantariya ng Fairfield-Suisun
1010 Chadbourne Road, Fairfield, CA 94534

Mga na-scan na kopya ng mga nakasulat na legal na pagtutol at protesta na naglalaman ng lahat ng kinakailangang aytem sa itaas **kasama ang orihinal na lagda**, maaaring i-email sa contactus@FairfieldSuisunSewer.ca.gov. Hindi tatanggapin ang fax.

PARAAN NG PAGKALKULA NG SINGIL

Ang kita mula sa singil ay nagmumula sa iba't ibang uri ng kostumer na nangangailangan ng iba't ibang pangangailangan sa serbisyo upang gamutin ang maruming tubig. Ang iminungkahing istruktura para sa mga Singil sa Serbisyo ng Alkantariya ay naaayon sa karaniwang kasanayan sa industriya, at idinisenyo upang mabawi ang gastos ng pagbibigay ng mga serbisyo ng alkantariya sa iba't ibang uri ng mga kostumer.

- Nagbabayad ang mga kustomer na residensyal ng isang pantay na halaga batay sa bilang ng mga tinitirhang yunit. Nagbabayad ang mga kustomer na residensyal ng isang nakapirming buwanang singil sa account na kasama sa singil kada tirahan.
- Karamihan sa mga komersyal/industriyal na kostumer ay sinisingil ng volumetric rate batay sa paggamit ng tubig (sinusukat sa daang cubic feet) pati na rin ng buwanang nakapirming singil sa account. Ang mga komersyal at industriyal na kostumer ay nahahati sa regular na lakas o malakas depende sa paglabas ng maruming tubig.
- Ang mga ayon sa kaso at mga kostumer na direktang sinisingil ng Distrito ay mga pang-industriya / pang-komersyal na kostumer na may malalakas na daloy, matinding konsentrasyon ng dumi na itinatapon sa sistema ng alkantariya, o may mga espesyal na kinakailangan para sa pagtatapon. Sinisingil ang mga kostumer na ito batay sa kombinasyon ng buwanang pagpapalabas (sinusukat sa milyong galon) pati na rin ang "lakas ng maruming tubig". Ang lakas ng maruming tubig ay sinusukat sa pamamagitan ng biochemical oxygen demand (BOD) at total suspended solids (TSS).

MAGSUMITE NG PAGTUTOL

May karapatang magsumite ng pagtutol ang mga kostumer sa iminumungkahing pagtaas ng singil sa alkantariya. Ang nakasulat na legal na pagtutol ay nakabatay sa paniniwala na ang mungkahing pagtaas ng singil sa alkantariya ay lumalabag sa isang tiyak na batas, statute, o regulasyon, at pinapanatili ang karapatan na kwestyunin ang mungkahing singil sa korte. **Ang mga nakasulat na legal na pagtutol ay dapat isumite nang hindi lalampas sa 5:00 PM sa Marso 26, 2026..**

Mangyaring tandaan na ang petsa para sa mga nakasulat na legal na pagtutol ay MAS MAAGA kaysa sa huling araw ng mga protesta..)

Ang hindi pagsusumite ng nakasulat na legal na pagtutol sa tamang oras ay maghahadlang sa anumang paghamon sa korte sa hinaharap, at ang anumang aksyon ay limitado lamang sa mga tiyak na isyung legal na itinataas sa napapanahong nakasulat na pagtutol.

Upang maituring na napapanahon at wasto, ang isang nakasulat na legal na pagtutol ay dapat:

- Nakasulat na may orihinal na lagda mula sa may-ari ng ari-arian O ng nangungupahan na responsable sa pagbabayad ng singil sa alkantariya (ang may-ari ng account).
- Tukuyin ang parsela kung saan inihain ang legal na pagtutol, sa pamamagitan ng address ng kalye O ang Numero ng Parsela ng Tagatasa (Assessor's Parcel Number, APN).
- Malinaw na sabihin na ang komunikasyon ay isang "nakasulat na pagtutol."
- Ilahad ang batayan ng pagtutol nang may sapat na detalye upang payagan ang Distrito na tumugon nang nakasulat.

Ang isang pahayag tulad ng "ang mga rate na ito ay lumalabag sa Proposisyon 218", nang walang sumusuportang paliwanag, ay hindi sapat. Dapat banggitin ng pagtutol, kung maaari, ang partikular na probisyon, batas, o regulasyon ng konstitusyon na pinaniniwalaang nilabag (halimbawa, “California Const., art. XIII D, § 6(b)(3)” o “Gob. Kodigo § 53755”).

- 5 Isama ang ninanais na resolusyon o resulta.
- 6. Matatanggap ng Distrito ng **hindi lalampas ng alas-5:00 p.m, sa Marso 26, 2026.**

Sa pampublikong pagdinig sa Abril 27, 2026, isasaalang-alang ng Lupon ng Distrito ang lahat ng napapanahong nakasulat na mga legal na pagtutol at ang mga nakasulat na tugon ng Distrito. Ipapaliwanag ng mga tugon ng Distrito ang mahalagang batayan para sa pagpapanatili o pagbabago ng mga iminungkahing singil sa maruming tubig bilang tugon sa mga nakasulat na pagtutol, kabilang ang mga dahilan para sa pagtangga sa anumang hiniling na pagbabago.

Tandaan na alinsunod sa seksyon 53759(d) ng Kodigo ng Pamahalaan, mayroong 120-araw na batas ng limitasyon para sa anumang paghamon sa bago, nadagdagan o pinalawig na bayarin o singil.

MAGSUMITE NG PROTESTA

Kung hindi ka sumasang-ayon sa iminumungkahing pagtaas ng singil sa alkantariya, binibigyan ka ng Proposisyon 218 ng karapatang magsumite ng nakasulat na protesta. Ang iyong nakasulat na protesta ay dapat matanggap ng Distrito nang hindi lalampas sa **pagsasara ng pampublikong pagdinig na magsisimula sa ganap na 6:00 PM sa Abril 27, 2026** . Isang protesta lamang kada parsela ang bibilangin.

- Sino ang Maaaring Magsumite ng Protesta
- Ang may-ari ng ari-arian (parsela), O
 - Isang nangungupahan na siyang may-ari ng account sa utility ng alkantariya at responsable sa pagbabayad ng singil sa alkantariya

Kung ang taong lumagda sa protesta ay nagmamay-ari ng ari-arian ngunit hindi nakalista bilang may-ari sa pinakabagong talaan ng pagtatasa ng County ng Solano, dapat kasama sa protesta ang nakasulat na patunay ng kasalukuyang pagmamay-ari.

Kung makatanggap ang Distrito ng mga wastong nakasulat na protesta mula sa karamihan ng mga parsela na tumatanggap ng serbisyo sa alkantariya, ang iminungkahing pagtaas ng singil sa alkantariya ay hindi pagtitibayin.

Lahat ng Protesta ay Dapat

- Nakasulat na may orihinal na lagda mula sa may-ari ng ari-arian O ng nangungupahan na responsable sa pagbabayad ng singil sa alkantariya (ang may-ari ng account).
- Tukuyin ang parsela ayon sa address ng kalye O ang Numero ng Parsela ng Tagatasa (Assessor's Parcel Number, APN).
- Malinaw na sabihin na tutol ka sa mga iminungkahing singil sa alkantariya (hindi kailangang magbigay ng tiyak na dahilan).
- Matatanggap ng Distrito sa o bago matapos ang pampublikong pagdinig, na magsisimula sa **6:00 PM ng Abril 27, 2026** .